
# Balitang Manmin

BILANG 74 NOBYEMBRE 18, 2012

# Pakikibahagi ng GCN TV sa COICOM Exposition

## Bagong Ka-partner ang 23 Istasyon ng Radyo at TV sa mga Bansang Kastila ang Wika













Ang COICOM ay samahan ng mga Cristianong brodkaster para sa mga taong Kastila ang wika. Itinatag noong 1992, sila ay taunang nagdaraos ng eksposisyon at nangunguna sa espirituwal na pagbabago sa Latin America. ■ 1. Pagbubukas ng COICOM Exposition sa Ebenezer Church sa San Pedro Sula, Honduras ■ 2. Pangulong Porfirio Lobo Sosa ng Honduras, tinatanggap ang libro ng talambuhay ni Dr. Jaerock Lee mula kay Elder Johnny Kim, Direktor ng GCN TV ■ 3. Pastor Luis Fernando Solares, Pangulo ng COICOM, habang bumibisita sa puwesto ng GCN TV ■ 4-5. Mga bisita ng GCN TV

Noong 1996, sinimulan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang ministeryo sa Latin America sa pagdaraos ng Blessing Crusade (Krusada ng Pagpapala) at kumperensya ng mga pastor sa Argentina. Inihayag niya ang Diyos na buhay at ang Panginoong Jesu-Cristo sa pagpapamalas ng mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos sa Honduras Miracle Healing Crusade noong 2002 at sa Peru Healing Crusade noong 2004.

Magmula noon, maraming iglesya sa Latin America ang sumanib sa ministeryo niya bilang sangay at katuwang na mga iglesya. Ang salita ng buhay at ang makapangyarihang pagkilos ng Diyos ay naibabahagi sa kanila sa pamamagitan ng pagbobrodkast at paglalathala. Nakakatulong ito sa paglago ng buhay espirituwal nila.

Ang iba't ibang programa ng GCN TV, kabilang na ang mga sermon ni Dr. Jaerock Lee, mga patotoo tungkol sa kapangyarihan ng Diyos, at mataas na uri ng kulturang Cristiano ay naibobrodkast sa buong kontinente dahil sa maraming istasyon ng TV at mga brodkaster. Mayroong mga 3,000 istasyon ang Enlace, isa sa mga pangunahing Cristianong brodkaster para sa Kastila ang wika; JBN TV (Jesus Broadcasting Network) ng Honduras; mga Istasyong 17 at 76 ng El Salvador; at Cristo Vision TV ng Costa Rica. Ang mga libro niya sa wikang Kastila at Portuguese ay mabibili din sa mga tagapaglathala tulad ng Nueva Vida ng Estados Unidos at Editora Naos ng Brazil.

Mula Setyembre 18-22, 2012, nakibahagi ang GCN TV (www.gcntv.com) sa Iberoamerican Confederation of Christian Communicators and Mass Media (COICOM) Exposition na idinaos sa San Pedro Sula, Honduras sa Central America. Ito ay pagdiriwang ng mga Cristianong brodkaster para sa mga bansang Kastila ang wika. Dinaluhan ng may 9,000 tao mula sa 20 bansa ang pagbubukas nito. Isa ang pangulo ng Honduras na si Porfirio Lobo Sosa sa mahahalagang bisitang nagmula sa iba't ibang larangan ng politika at relihiyon. Nakipagkita ang mga kinatawan ng GCN TV sa kanya at ibinahagi ang tungkol sa ministeryo ni Dr. Jaerock Lee.

Bumisita ang maraming brodkaster at mga lider na Cristiano sa puwesto ng GCN TV. Ito ang mga sinabi nila: "Naaalala ko pa ang krusadang may mahimalang pagpapagaling sa Honduras noong 2002 na pinangunahan ni Dr. Lee" at "Pinapanuod ko ang mga sermon ni Dr. Lee sa Enlace at JBN TV." Sinabi ni Pastor Herman Ponce ng Ebenezer Church, na siyang nanguna sa pagbubukas ng pulong, na malaking biyaya ang tinanggap niya pagkatapos siyang ipanalangin ni Dr. Lee kaya nakapagpatayo siya ng bagong santuwaryo at nakaranas ng panibagong buhay. Gusto rin niyang bumisita sa Manmin Central Church para mas magkaroon ng kaalaman tungkol sa ministeryo ni Dr. Lee.

Ang mga bumisita sa GCN TV, kasama ang pangulo ng COICOM na si Pastor Luis Fernando Solares ay nagpakita ng malaking interes sa mga programa na ginamitan ng mataas na kalidad na teknolohiya. Gayundin sa mga libro ni Dr. Lee na inilathala sa wikang Kastila.

Sinabi nila, "Pinakamahusay ang mga programa ng GCN TV sa pagbabahagi ng ebanghelyo" at "Tumanggap ako ng maraming pagpapala sa mga libro ni Dr. Jaerock Lee. Naniniwala ako na magiging daan ang mga librong ito para sa kaligtasan ng mga taga-Honduras."

Umanib ang GCN TV sa COICOM noong 2002 at nagpatuloy ang malapit na ugnayan nila sa mga brodkaster na Cristiano sa Latin America dahil sa taunang eksposisyon. Sa taong ito, nagkaroon ng mga bagong ka-partner ang GCN TV, 12 istasyon ng TV at 11 istasyon ng radyo.

Sinabi sa GCN TV ng mga nakibahagi sa krusada sa Honduras noong 2002 na tumanggap sila ng maraming biyaya. Nagpasalamat si Pastor Misael Argenal ng La Cosecha Church kung saan nagdaos si Dr. Jaerock Lee ng isang araw na pagtitipon para sa panibagong buhay pagkatapos ng krusada. Sinabi niya, "Malaking pagbabago ang dumating sa mga iglesyang Cristiano sa Honduras pagkatapos ng pagbisita ni Dr. Jaerock Lee kahit laganap ang Katolisismo dito. Maging ang gobiyerno ay sumusuporta na sa amin. Nakapagpatayo na kami ng bagong santuwaryo na magkakasya ang may 25,000 tao. Ito ang pinakamalaki sa Latin America. Aktibo rin ang aming ministeryo sa pagbobrodkast."

# Iaalay Ko Iyon Bilang Handog na Sinusunog

"At nagbitaw si Jefta ng isang panata sa PANGINOON, at nagsabi,
'Kung Iyong ibibigay ang mga Ammonita sa aking kamay,
ay mangyayari na sinumang lumabas sa mga pintuan ng Aking bahay upang sumalubong sa akin,
sa aking pagbalik na mapayapa galing sa mga anak ni Ammon ay magiging sa PANGINOON,
at iaalay ko iyon bilang handog na sinusunog.'" (Mga Hukom 11:30-31)



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Sa buhay natin, may mga pagkakataong nangangako tayo sa ibang tao. Kung hindi natin matutupad ang pangakong ito, maaaring maging malaking kawalan ito sa kanila at maaaring masira na ang tiwala sa atin. Sa kabilang banda, kung tutuparin naman natin ang ipinangako kahit maging kawalan pa ito sa atin, maganda ang ibubunga nito.

Ganito rin ang relasyon natin sa Diyos. Kung makikipagkita kayo sa Pangulo ng bansa ninyo, hindi ninyo sasabihin sa kanya, "Mahuhuli ako ng sampung minuto, may aasikasuhin pa akong personal na bagay." Sa parehong paraan, kung hindi ninyo tutuparin ang ipinangako ninyo sa Diyos na Manlilikha at Panginoon ng langit at lupa, hindi ba kabastusan iyon?

Samakatwid, kung nangako tayo sa Diyos, tuparin natin ito, kahit nangangahulugang kawalan para sa atin. At tiyak na bibigyan tayo ng Diyos ng kamangha-manghang mga biyaya. Pag-aralan nating mabuti kung paano natin tutuparin ang pangako sa Diyos sa pamamagitan ng buhay ni Jefta sa Biblia.

### 1. Sumagot agad ang Diyos pagkatapos Niyang marinig ang pangakong panalangin ni Jefta

Nang makalabas na ang mga Israelita sa Ehipto, nanirahan sila sa ilang sa loob ng 40 taon, at pumasok sa lupaing umaapaw sa gatas at pulot. Maraming bagay ang nangyari noon. Pagkamatay ni Josue, na pumalit kay Moises, tinalikuran nila ang Diyos at naglingkod kay Baal at Ashera. Walang mga hari na namumuno sa mga Israelita noon, sa halip, mayroong mga hukom. Si Jefta ang hukom noong panahong iyon.

Si Gilead ang ama ni Jefta at ang ina naman niya ay isang upahang babae. Nagkaroon si Gilead at ang asawa niya ng mga anak na lalaki; at nang lumaki na ang mga ito, pinalayas nila si Jefta, at sinabi sa kanya, "Ikaw ay hindi magmamana sa sambahayan ng aming ama sapagkat ikaw ay anak ng ibang babae." (Mga Hukom 11:1-2). Tumakas siya sa mga kapatid niyang lalaki at bumuo ng isang bansa na malakas ang kapangyarihan sa lupain ng Tob. Nang ang mga anak ni Ammon ay nakipaglaban sa Israel, pumunta ang matatanda ng Gilead kay Jefta at hiniling na siya ang maging pinuno nila sa labanan.

Sa huli, nilabanan niya ang mga anak ni Ammon bilang pinuno ng lahat ng tao sa Gilead. Para manalo sa labanan, nangako siya sa Diyos sa pamamagitan ng isang panalangin. Sinabi niyang ihahandog niya kung anumang mauunang lumabas sa pintuan ng bahay niya para salubungin siya pagkatapos ng labanan kung papapanalunin siya ng Diyos.

Sinagot ng Diyos ang maalab niyang panalangin at natalo niya ang mga anak ni Ammon. Pinatay niya ang mga ito mula sa Aroer hanggang sa Minit na may dalawampung lungsod hanggang sa Abel-keramim. Nagapi ang mga anak ni Ammon sa harap ng mga anak ni Israel (Mga Hukom 11:32-33). Kilala ng Diyos ang kalooban ni Jefta. Batid ng Diyos na tutuparin ni Jefta ang ipinangako nito sa Kanya, kaya ibinigay Niya ang napakalaking biyaya bilang sagot sa panalangin nito.

### 2. Pinahalagahan ni Jefta ang pangako niya sa Diyos nang higit pa sa pinakamamahal niyang anak

Sino sa tingin ninyo ang unang lumabas sa bahay niya para sumalubong sa kanya? Hindi ang alipin o ibang mga lingkod, kundi ang nag-iisang anak niyang babae. Nabalitaan nito ang tungkol sa tagumpay kaya lumabas ito para salubungin ang ama, may sayaw at may alpa. Nang makita ito ni Jefta, pinunit niya ang damit niya at nagdalamhati.

Kahit ito ang kaisa-isang anak niya, hindi niya maaaring palitan ang pangako niya sa Diyos. Sinabi niya, "Gumawa na ako ng panata sa PANGINOON, at hindi ko na mababawi." At sinabi din ng anak niya, "Ama ko, kung iyon ang ibinuka ng iyong bibig sa PANGINOON, gawin mo sa akin ang ayon sa lumabas sa iyong bibig; yamang ipinaghiganti ka ng PANGINOON sa iyong mga kaaway, samakatwid ay sa mga Ammonita."

Maaaring nagtataka ang iba kung bakit tinanggap ng Diyos ang nakakatakot na pangakong panalangin. Pero hindi naman ang Diyos ang may gusto na ihandog ni Jefta ang isang tao bilang handog na susunugin. Hindi Niya hiniling iyon kay Jefta. Kay Jefta nanggaling ang pangakong panalangin dahil sa pagmamadali niya bago magsimula ang labanan.

Sa Biblia, iniutos ng Diyos kay Abraham na ihandog ang nag-iisang anak niyang lalaki na si Isaac bilang handog na susunugin. Pero naghanda ang Diyos ng isang lalaking kambing bago pa mangyari ito at pinigilan si Abraham na patayin si Isaac. Pero, bakit hindi ito ginawa kay Jefta? Dahil gusto ng Diyos na matanto natin kung gaano kahalaga ang pagtupad ng ipinangako sa Kanya.

Maaaring mas madali para kina Abraham at Jefta na ihandog ang mga sarili nila sa halip na ibigay ang kaisa-isang anak. Subalit mas pinahalagahan nila ang relasyon nila sa Diyos, ang tiwala at pag-ibig sa Kanya nang higit sa mga minamahal na anak, kaya nagawa nilang ihandog ang mga ito sa Kanya.

### 3. Ang dapat nating tandaan sa isang pangakong panalangin at ang kahalagahan ng pagtupad nito

Dapat nating malaman na hindi tayo basta-basta na lang mangangako o magpapanata kahit matindi at malala ang situwasyon. Sinasabi sa Mga Kawikaan 18:21, "Ang kamatayan at ang buhay ay nasa kapangyarihan ng dila; at ang umiibig sa kanya ay kakain ng kanyang mga bunga." Kahit hindi kayo mangako, huwag kayong magsasalita ng walang ingat. At kung mangangako kayo sa Diyos, tuparin ninyo maliit man ito o malaki.

Mababasa sa Deuteronomio 23:21, "Kapag ikaw ay gagawa ng isang panata sa PANGINOON mong Diyos, huwag kang magiging mabagal sa pagbabayad nito, sapagkat tiyak na hihingin sa iyo ng PANGINOON mong Diyos, at ikaw ay magkakasala." Binibigyang diin ang kahalagahan ng pagtupad ng pangako sa Diyos. Sa Mga Bilang 30:2, mababasa natin, "Kapag ang isang lalaki ay namanata ng isang panata sa PANGINOON, o sumumpa ng isang sumpa, na itinali ang kanyang sarili sa pamamagitan ng isang panata, ay huwag niyang sisirain ang kanyang salita. Kanyang tutuparin ang ayon sa lahat ng lumabas sa kanyang bibig."

Kaya inihandog ni Jefta ang kaisa-isang anak na babae bilang handog na susunugin. Sa madaling salita, inihiwalay niya ang laman sa buto ng anak niya tulad ng ginagawa niya sa mga hayop at inihandog niya ito sa Diyos bilang handog na sinunog. Alam ng Diyos ang kalooban ni Jefta, kaya pinakinggan Niya ang pangakong panalangin nito at sinagot Niya. Batid ng Diyos na tutuparin ni Jefta ang pangako niya kahit masakit ito sa kalooban kanya.

Kung gayon, tinutupad ba ninyo ang mga pangako ninyo sa mga kapatid sa pananampalataya, sa mga makamundong tao, o sa sarili ninyo at sa Diyos? Ipinapakita ng pagtupad sa pangako na hindi kayo sinungaling o tuso. Ang mga tumutupad sa pangako ay kikilalanin at mamahalin ng Diyos.

### 4. Mga biyayang dadating pagkatapos tumupad ng pangako

Kapag tinupad natin ang pangako natin sa Diyos, bibigyan Niya tayo ng kamangha-manghang mga biyaya. Kahit mahirap itong tuparin, kung desidido kayong tuparin ito kaagad, tiyak na tatanggap kayo ng mga biyaya. Kung mabagal kayo sa pagtupad, mabagal din ang pagdating ng mga biyaya. At kung hindi ninyo tutuparin ang ipinangako ninyo, magkakaroon kayo ng pader ng kasalanan laban sa Diyos. Kaya hindi tatanggapin ng Diyos ang dalangin ninyo kahit manalangin kayo. Samakatwid, hindi tamang mangako nang pabigla-bigla dahil sa kasakiman.

Maaaring itanong ninyo, "Hindi ba mas mabuting huwag na lang mangako?" Pero kung gusto ninyong ipakita ang pagmamahal o ang pananampalataya ninyo sa Diyos, o malakas ang paggabay sa inyo ng Banal na Espiritu, mas makakabuting sumunod kayo.

Sabihin nating inuudyukan ka ng Banal na Espiritu na magbigay ng ganito o ganyang halaga ng kaloob sa Diyos, pero iniisip mo 'Magbibigay ako kapag bumuti na ang kalagayan ko' at hindi mo papansinin ang tinig Niya. Mawawala sa iyo ang magandang pagkakataong lumago sa pananampalataya at tumanggap ng malaking biyaya. Samakatwid, dapat nating kilalanin ang tinig ng Espiritu laban sa sarili nating kasakiman.

Nalulugod ang Diyos sa mga taong tumutupad sa mga panata at pangako nila nang hindi nagdadahilan. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na tuparin ninyo ang mga pangakong kusa ninyong ginawa para tumanggap kayo ng dakilang pag-ibig at mga biyaya mula sa Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)


Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Ang Kalooban ng Diyos Ama na Lumikha ng Tao

*Ang kapangyarihan at haplos Ko ang lumilikha ng mga himaymay at ng buhay.
Maluluwalhati Ako sa taong ito na nililikhang napakaganda.
Sa mga anak niya, at mga magiging inapo, ang kagandahan, kabaitan,
kabutihan, pag-ibig, at kapangyarihan Ko ay maipapahayag.*



Taga-guhit: Insang Hwang

## Si Adan: ang Unang Nilalang ng Diyos!

*"At nilalang ng PANGINOONG Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa, at hiningahan ang mga butas ng kanyang ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging buhay na kaluluwa" (Genesis 2:7).*

Ano ang pangunahing sangkap na ginamit ng Diyos para likhain ang tao? Hindi ginto na kailan man ay di nagbabago o bakal na matigas. Mula ito sa lupa. Ito ay luwad. Nilalang ng Diyos ang tao katulad ng paghugis natin ng isang bagay mula sa luwad. Bago pa ang paglikha, naplano na ng Diyos ang nilalang na tinawag na "tao."

Paano ginawa ng Diyos ang detalyado at maseselang bahagi tulad ng buhok, kilay, at balat? Hindi lang nilikha ng Diyos ang pinakahugis mula sa lupa, binuo din Niya ang mga buto, bituka, mga ugat na dinadaluyan ng dugo, at ang gumaganang mga himaymay at utak. Nang likhain ng Diyos ang tao ayon sa plano Niya, lumabas sa mga kamay Niya ang orihinal na liwanag. Nang likhain Niya ang mga bahagi ng tao, hindi na ito isang dakot na lupa, kundi naging perpektong katawan ng tao.

Nang likhain ng Diyos ang ulo ng tao, hindi hiwa-hiwalay ang ginawa Niyang paglikha sa bawat parte ng mukha. Ginawa Niyang may dalawang mata sa itaas na bahagi ng mukha, may ilong sa gitna ng mukha, bibig sa ilalim ng ilong, at tenga sa magkabilang tabi ng mukha. Tulad ng plano Niya, ang bilang ng mga bahagi, lugar, hugis, at tungkulin ng bawat parte ay nilikha ng orihinal na liwanag na nasa mga kamay ng Diyos.

Sa pamamagitan ng mga butas sa ilong na hinugis ng Diyos, huminga Siya ng hininga ng buhay. Pagkatapos, ang unang nilalang na si Adan, ay nagsimulang gumalaw bilang isang buhay na tao. Ang hininga ng buhay ay ang kapangyarihan ng Diyos na nasa orihinal na liwanag.

Nang pumasok kay Adan ang hininga ng buhay, nagsimulang tumibok ang puso niya, dumaloy ang dugo sa buong katawan niya, at ang lahat ng sangkap at himaymay sa katawan niya ay gumana na. Parang makina na pinaandar ng kuryente.

## Isang Kahanga-hangang Plano para Magkaroon ng Tunay na mga Anak!

*"At iniutos ng PANGINOONG Diyos sa lalaki, na sinasabi, 'Malaya kang makakakain mula sa lahat ng punungkahoy sa halamanan, subalit mula sa punungkahoy ng pagkilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka'" (Genesis 2:16-17).*

Huminga ang Diyos ng hininga ng buhay kay Adan, ang buhay na tao, kaya siya ay walang kamatayan. Tatamasahin din niya ang lahat ng bagay na ibinigay ng Diyos. Pero may isang bagay na ipinagbawal sa kanya ng Diyos, ang kumain mula sa punungkahoy ng pagkilala ng mabuti at masama sa Halamanan ng Eden.

Sa pamamagitan ng likas na kabanalan Niya at walang hanggang kapangyarihan, nilikha ng Diyos ang langit at lupa at ang lahat ng bagay na narito. Pinamamahalaan Niya ang buong sansinukob, ang buhay, kamatayan, tagumpay, at kasawian. Mayroon din Siyang likas na katangian ng tao, kaya mayroon Siyang damdamin: kagalakan, galit, pag-ibig, at kasiyahan. Dahil dito, gusto Niyang ibahagi ang pag-ibig Niya at magkaroon ng mga tunay na anak na makakaunawa sa kalooban Niya at magmamahal sa Kanya ng taos-puso. Ito ang dahilan kung bakit nilikha Niya ang tao.

Siyempre, maraming nakapaligid sa Kanya na mga espirituwal na nilalang tulad ng mga anghel. Maliban sa ilan sa kanila, wala silang likas na pagkatao na kinakailangan para magmahal sila at wala silang kalayaang pumili. Parang robot sila, sumusunod lang at walang emosyon ng tao.

Ipagpalagay nating mayroon kang magandang manika. Kahit napapagalaw mo ito ayon sa gusto mo, hindi mo ito ipagpapalit sa anak mo. Kilala ka ng anak mo at ipinapakita niya ang pagmamahal niya sa iyo. Mas maganda din ang anak mo kaysa sa manika, kahit na kung minsan ay nagpapahirap siya sa iyo. Gusto rin ng Diyos ng tunay na mga anak na pwedeng magmahal sa Kanya kaya lumikha Siya ng tao at binigyan sila ng malayang kalooban.

## Pag-asa at Pag-ibig sa Punungkahoy ng Pagkilala ng Mabuti at Masama!

*"Bawat tinatawag sa Aking pangalan, sila na Aking nilikha ay para sa Aking kaluwalhatian, oo, yaong Aking inanyuan, oo, yaong Aking ginawa" (Isaias 43:7).*

Binalak ng Diyos na Manlilikha ang pangangalaga ng sangkatauhan at nilikha Niya ang langit at lupa at lahat ng bagay ayon sa Kanyang plano. Nilikha Niya si Adan, ang unang nilalang, sa wangis Niya. Nilikha Niya ang Halamanan ng Eden, maganda ito at masagana, at pinatira Niya dito si Adan. Binigyan Niya si Adan ng kapangyarihan para pamunuan ang lahat ng bagay.

Pagkatapos ng mahabang panahon, nagkasala si Adan sa pagsuway sa utos. Kinain niya ang bunga ng punungkahoy ng pagkilala ng mabuti at masama kaya pinalayas siya sa Halamanan ng Eden. Dahil dito, ang lahat ng inapo niya ay naging makasalanan din at mapupunta sa Impiyerno, ang walang hanggang kamatayan. Pero bago pa ang simula, batid na ng Napakamakapangyarihang Diyos na susuwayin Siya ng tao, kaya naghanda na Siya ng daan patungo sa kaligtasan.

Inihanda Niya si Jesu-Cristo na Siyang tutupad sa tungkulin ng Tagapagligtas. Sa itinakdang panahon, si Jesus na Anak ng Diyos ay dumating sa mundo at nagkatawang-tao. Ipinakita ang pag-ibig Niya sa pamamagitan ng pagkapako sa krus. Sa madaling salita, tinanggap Niya ang parusa sa krus bilang kabayaran sa mga kasalanan ng mga inapo ni Adan. At biniyayaan ang sinumang mananampalataya sa Kanya – maliligtas at magkakaroon ng buhay na walang hanggan.

Sa napakahabang panahon, hinangad ng Diyos na maipahayag ng mga tao ang Kanyang kagandahan, kabutihan, kabaitan, dakilang pag-ibig, at kapangyarihan. Nang likhain Niya ang bibig ng tao, gusto Niyang umawit ito ng mga papuri. Nang likhain Niya ang mga tenga nito, gusto Niyang makinig at sumunod ito sa Salita ng Diyos.

Nang likhain Niya ang mga mata nito, gusto Niyang tingalain nito ang Diyos na Manlilikha, at damahin din ang kagandahan ng lahat ng bagay. Minimithi nating madama ang kalooban ng Diyos at purihin at sambahin Siya. Umaasa tayo na magiging mga anak tayong magbibigay-lugod sa Diyos at tutupad sa inaasahan Niya.


**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Crystal Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Crystal Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Crystal Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714

# Mga Krusadang may Panyong Nakakapagpagaling sa Singapore at Malaysia

### Simula ng Malawakang Pagmimisyon sa mga Tsino

Mula Setyembre 13-22, 2012, nagsagawa ng mga krusadang may panyong nakakapagpagaling sa Singapore at Malaysia para sa mga Tsino na nakatira doon (Ang Mga Gawa 19:11-12). Ipinahayag ang ebanghelyo ng kabanalan ng tagapagsalitang si Pastor Sungchil Lee ng Manmin Central Church. Ipinakita niyang buhay ang Diyos sa mga tanda na naganap pagkatapos ng mensahe niya sa mga krusada at seminar para sa mga pastor at mga lider ng iglesya.

Ang mga pagpupulong na ito na nagsilbing panimula sa malawakang pagmimisyon para sa mga Tsino sa ibang bansa ay pinangunahan ni Pastora Mary Liu, pangulo ng Christian Prayer Center sa Singapore (Litrato 4). Inanyayahan niya ang grupong pang-misyon ng Manmin at nagdaos sila ng mga krusada at mga seminar para sa mga Tsinong pastor at mga miyembro ng iglesyang mula sa Taiwan, PRC, Australia, at mga bansa sa Timog-Silangang Asia, at Europa. Noong 2007, nangusap sa puso niya ang mga libro ni Dr. Lee na *Heaven I* at *II* kaya bumisita siya sa Manmin Central Church. Mula noon, nagpatuloy siya sa malapit na pakikipag-ugnayan sa Manmin.

Sina G. Kam Tin Seah, Gng. June Rebecca at ang asawa niya, Misyonerong Ping Ping Wong ng Singapore, at Gng. Deborah Tang ng Malaysia ay napagpala dahil sa makapangyarihang ministeryo at mga libro ni Dr. Lee. Sila ngayon ay sumusuporta sa mga krusada at mga seminar nang buong-puso at dedikasyon, at sa pananalapi.

### Singapore

Noong Setyembre 13-14, 2012, idinaos ang mga krusada na dinaluhan ng may 760 tao sa Shine Auditorium sa Singapore. Ang unang krusada ay sinimulan sa pagpupuri na pinangunahan ni Misyonero Ping Ping Wong (Litrato 9). Ang mga pastor at mga lider ng iglesya mula sa walong mga bansa kasama na ang Singapore (Litrato 3) ang nanguna sa pambungad na seremonya.

Sa bawat krusada, nagbibigay ng espesyal na pagtatanghal ang Sound of Light Chorus ng Manmin Central Church. Sinabi ni Pastor Liu, "Nakita ko sa aking pangitain ang Pag-agaw (Rapture) 23 taon na ang lumipas. Magmula noon, ipinapahayag ko na dapat ang mga Cristiano ay palaging handa sa pangalawang pagdating ng Panginoon. Nang makita ko ang litrato ng Pag-agaw sa Manmin Central Church, kapareho ito ng nakita ko sa pangitain kaya naantig nang husto ang puso ko."

Nagpalabas ng DVD na 'The Power of God VI' na nagpapakita ng makapangyarihang ministeryo ni Dr. Jaerock Lee. Nagmarka ito sa mga dumalo kaya hiniling nila kay Pastor Sungchil Lee na ipanalangin sila. Idinalangin ng pastor ang mga maysakit gamit ang panyo na pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee. Nakalakad nang maayos ang mga nahihirapang maglakad at gumaling ang mga may sumasakit na balikat, likod, at marami pang iba.

Noong Setyembre 14, 2012, nagdaos ng dalawang krusada, isa sa umaga at isa sa hapon. Pagkatapos ipangaral ni Pastor Lee ang mensahe at ipanalangin ang mga may sakit gamit ang panyo, maraming tao ang nagpatotoo sa paggaling nila sa mga karamdaman gaya ng hirap sa paglalakad at malabong paningin. Noong Setyembre 15, idinaos ang seminar para sa mga pastor at mga manggagawa ng iglesya sa Quality Hotel. May 190 tao ang dumalo mula sa walong bansa kasama na ang Australia at Belgium. Gusto nilang ipagpatuloy ang pakikipagtulungan sa Manmin kaya hiniling nila na magpadala tayo ng mga grupong pang-misyon sa Taiwan, China, at Silangang Malaysia. Noong Setyembre 16, inihandog ng Singapore Manmin Church ang kanilang panimulang pagsamba, umaapaw ito sa galak at pasasalamat. Ang misyonerong Ping Ping Wong ang nagpapastor dito.

























■ 1. Pangunahing Tagapagsalita Pastor Sungchil Lee – ipinapaliwanag ang tungkol sa panyo ■ 2. Espesyal na pagtatanghal ng Sound of Light Chorus ■ 3. Mga pastor at manggagawa ng iglesya mula sa walong mga bansa – sa simula ng seremonya ■ 4. Pastora Mary Liu ■ 5. Deborah Tang, pangulo ng Manmin Publisher ■ 6. Mahigit sa 750 mananampalatayang Tsino at mga pastor sa krusada sa Calvary Life Assembly (Tsino), Assemblies of God, Melaka ■ 7. Krusada ng Pagkakaisa sa Ipoh, Malaysia ■ 8. Krusada sa Shine Auditorium, Singapore ■ 9. Misyonera Ping Ping Wong ■ 10. Ipinapanalangin ni Pastor Lee ang mga may sakit gamit ang panyo ■ 11. Ipinapakita ang 'contact lens' ng mga bumuti ang paningin dahil sa panalangin

### Malaysia

Noong Setyembre 18, 2012, bumisita ang grupo nating pang-misyon sa Malaysia Manmin Publisher (Pangulo: Deborah Tang) at pinagtibay ang kahalagahan ng ministeryo ng paglalathala sa mga libro ni Dr. Jaerock Lee. Kinagabihan, isa pang krusada ang idinaos sa Calvary Life Assembly na dinaluhan ng may 750 tao. Marami ang gumaling dahil sa panalanging may panyo at niluwalhati nila ang Diyos.

Sa umaga ng Setyembre 19, bumisita ang grupo sa Melaka Prayer House ni Pastora Mary Liu, mula doon ay nagpunta sila sa Kuala Lumpur, Malaysia. Kinagabihan, nagdaos ng krusada sa Borneo Evangelical Kuala Lumpur Chinese Church. Ang napakagandang pagtatanghal ng Sound of Light Chorus at pagpapalabas ng video ng 'Power of God VI' ay umani ng palakpakan. Noong Setyembre 20, halos lahat ng mga dumalo sa krusada na ipinanalangin ay gumaling at niluwalhati ang Diyos. Sa ika-1:00 ng hapon, noong araw ding iyon, isinagawa ang seminar para sa mga pastor at mga manggagawa ng iglesya.

Noong Setyembre 21, ang krusada ng pagkakaisa na may panyo ay idinaos sa Restoran Sun Lee How Fook na pinamahalaan ng maraming iglesya sa Ipoh at dinaluhan ng may 550 tao. Nangaral ang isang pastor tungkol sa pagpapasigla at pagbabalik-loob ng mga Cristiano sa Malaysia. Binigyang diin din niya ang kahalagahan ng buhay Cristiano.

Kinagabihan ng Setyembre 22, nagdaos ulit ng krusada sa St. Peter's Church, Ipoh na may 500 taong dumalo. Ipinalabas ang DVD tungkol sa krusada ng pagkakaisa ni Dr. Jaerock Lee sa Israel noong 2009, pinalakpakan ito ng mga dumalo at niluwalhati nila ang Diyos.

Makikita sa misyong ito na ang mga Tsinong mananampalataya sa ibang bansa ay naghahangad sa ebanghelyo ng kabanalan at sa kapangyarihan ng Diyos. Bumili sila ng may 830 mga libro ni Dr. Lee. Marami din ang humihiling sa Manmin na magbenta ng DVD na 'Power of God VI'. Nahilingan din nila kami na magdaos ng mas marami pang krusada. Malaki ang inaasahan namin sa ministeryong ito para sa mga Tsino sa ibang bansa. Mangyayari ito sa pamamagitan ng maalab na pagkilos ng Banal na Espiritu.

GCN
Tel: 82-2-824-7107
www.gcntv.org
e-mail: webmaster@gcntv.org

MIS
Manmin International Seminary
Tel: 82-2-818-7334
www.manminseminary.org
e-mail: manminseminary2004@gmail.com

WCDN
World Christian Doctors Network
Tel: 82-2-818-7039
www.wcdn.org
e-mail: wcdnkorea@gmail.com

URIMBOOKS
Tel: 82-70-8240-2075
urimbooks.com
e-mail: urimbook@hotmail.com